Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG DISYEMBRE 12, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 300-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN ANIMNAPU'T APAT NA LIBO TATLONG DAAN ANIMNAPU'T APAT NA PISO (P164,364.00) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (ENERO - DISYEMBRE 2011) UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P32,872.80); 10% SK FUND (P16,436.40); 5% CALAMITY FUND (P8,218.20); CASH GIFT (P55,000.00), YEAR END BONUS (P36,836.60) AT FINANCIAL ASSISTANCE NG KATULUNGIN (P15,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 54-T2011 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T2011 na nagpapatibay ng halagang P164,364.00 mula sa Excess Internal Revenue Allotment (Enero-Disyembre 2011) upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 2 ng Barangay Santo Angel Central na nagkakahalaga ng P164,364.00 mula sa Excess Internal Revenue Allotment (Enero - Disyembre 2011) upang ilaan sa 20% development Fund (P32,872.80); 10% SK Fund (P16,436.40); 5% calamity fund (P8,218.20); Cash Gift (P55,000.00); Year End Bonus (P36,836.60) at Financial Assistance ng katulungin (P15,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 12, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan